# Ang Pagdalumat sa Kahalagahan ng Paglalapit ng Araling Pilipino sa Sambayanan sa Panahon ng Pandemyang Dulot ng COVID-19

Juniesy M. Estanislao
*Unibersidad ng Pilipinas - Diliman*

**Abstrak:** Malaking hamon ang idinulot ng pandemyang dulot ng COVID-19 sa pamumuhay ng mga tao at sa lipunan sa makrokosmikong lente. Hindi maikakaila na sa kabila ng krisis pangkalusugang ito, nananatili pa ring problematiko ang pagkakaroon ng awtentikong ugnayan sa pagitan ng mga akademiko at masa, partikular na sa larang ng Agham Panlipunan kung saan nagkakaroon ng dalumatan at iba pang mga prosesong pang-akademiko. Ang sanaysay na ito ay tatangkaing dalumatin ang kahalagahan ng Araling Pilipino o *Philippine Studies,* kasabay ng paglalapit nito sa mga mamamayan sa labas ng akademya bilang bahagi ng emansipasyon ng lipunang Pilipino. Tinangka ng sanaysay na ito na bumuo ng alternatibong paglulunsad ng paglalapit sa labas ng lente ng populismo bilang sentro ng kaugnayang politikal ng mga kontemporaryong pinuno sa daigdig na sumasalig sa pagpapaigting ng kanilang mga kapangyarihan at impluwensya na lumalaban sa mga *elite* at ang mapagbalat-kayong emansipasyon. Sinuri rin ng sanaysay na ito ang mga gampanin ng mga pangunahing sakop ng Araling Pilipino sa pagpapalawig ng kaalaman ng mga tao ukol sa Pilipinas ang iba't-ibang mga kaligiran nito.

**Mga Susing Salita:** Araling Pilipino; Paglalapit; Akademya; COVID-19; Emansipasyon

**Abstract:** The COVID-19 pandemic has brought in many unforeseeable issues and concerns to the lives of many people, particularly in a macrocosmic scale. Despite the present crisis brought about by the pandemic, it is not deniable that there is an impeding concern on the authentic relationship between the academe and the masses, specifically in the Social Sciences wherein the discourse is not yet settled. This essay attempted to shed the light into the discourse of closing in the gap between the academics in the Social Sciences and Philippine Studies and to the masses amid the COVID-19 pandemic. It prevails together with the bringing of emancipation as a pivotal aspect in integrating it into the Philippine society. It also attempted to create an alternative way of closing in the said gaps due to the detachment and vis-à-vis real societal state outside the lens of populism as a central approach used by contemporary leaders to provide an established relationship between the 'elite' and the 'masses' as the byproduct of this othering and pseudo-emancipatory response. Moreover, this essay has analysed the role of domains of Philippine Studies in providing a more in-depth understanding of the Philippines and its contemporary state.

**Keywords:** Phlippine Studies; Closing in; Academe; COVID-19; Emancipation

## Panimula

Isa sa mga suliranin sa kontemporaryong lipunang Pilipino ang paglalapit ng mga ideya na tinalakay sa akademya, partikular sa mga pamantasan na mayroong malakas na sandigan sa Agham Panlipunan at Humanidades. Dito pa lamang, maaari nang mabuo kung ano nga ba ang dahilan kung bakit kinakailangan ng paglalapit ng mga ideya at teoryang ating tinatalakay, partikular sa pag-unawa ng Pilipinas bilang isang komplikadong nasyon na may komplikadong katayuan sa Asya at sa kabuuan ng daigdig sa mga pangkaraniwang mamamayan. Isang paglilinaw lamang, ito ay hindi pagiging elitista kundi isang proseso ng pagpapalawig at pagtangkang kumalas sa mga tanikalang patuloy na kumakapit sa ating mga identidad bilang mga Pilipino. Ang papel na ito ay tatangkaing tukuyin ang mga suliraning nakapaloob sa nabanggit na paglalapit, ang mga kapakinabangan ng mga sakop ng Araling Pilipinas sa buhay ng bawat mamamayang Pilipino sa emansipasyon nito, at kung paano magkakaroon ng pambansang kamalayan at kaunlaran sa pamamagitan ng mga ito. Layon ng papel na ito na dalumatin ang kahalagahan ng mga ito sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Ito ay kinakailangan sapagkat isa ang pamamaraan na ito sa pagkakaroon ng mas konkretong mga tunguhin sa pagkilos ng bayan sa paglutas ng mga kontemporaryong suliraning ating kinakaharp.

## Ang Kabuuan ng Pagiging Pilipino

Sa usapin ng Kapilipinuhan, hindi na lingid sa kaalaman ng karamihan sa mga akademiko ng Araling Pilipinas ang mga ideya at teoryang binuo nina Dr. Virgilio Enriquez, Dr. Prospero Covar, at Dr. Zeus Salazar gamit ang mga lente ng agham panlipunan batay sa mga disiplina ng Sikolohiya, Antropolohiya, at Kasaysayan kung saan nagkaroon ng pagtatangka na magsimula ng panloob na pag-aaral at pagdalumat sa kapilipinuhan ng mga Pilipino; na kalaunan ay naging Pantayong Pananaw (PP) na tinangkang tumaliwas sa mga maka-kanluraning mga ideolohiya, teorya, at praktika ng pagsusuri sa lipunang Pilipino (Santos, 2019; Sobritchea, 2013). Ang Pantayong Pananaw ay layon na dalumatin at abutin ang kalinangan ng pagiging bansa ng Pilipinas at mga Pilipino sa pamamagitan ng pagkakaroon ng perspektibang panloob (tuwiran man o 'di-tuwiran) sa mga kahalagahan, kaalaman, karunungan, pagtatanghal, at mga awtentikong karanasan sa loob ng lipunan at kalinangang ito na inihalintulad sa mga isda sa tubig (Salazar, 2015).

Sa tunguhin naman ng Sikolohiyang Pilipino, ito ay inihambing bilang "taumbahay" (Enriquez, 2015, p. 36; Pe-Pua at Protacio-Marcelino, 2000) na nagbibigay ng esensya sa ulirat, bait, kaalaman, diwa, at kaluluwa ng mga Pilipino dahil ito ay nagmumula sa pananaw (*punto de vista*) ng mga taong mayroong danas sa mga engkwentrong kahambing o produkto ng pagsasanib ng mga konseptong ito. Isang halimbawa na lamang nito ay ang pagpapakahulugan natin sa katagang, "bahala na." Pangkaraniwan sa ating mga Pilipino na bigyan ng pagpapakahulugan ito bilang patalistiko o *fatalistic* kung saan ipagsasawalang-bahala na lamang natin ang mga kasunod na mga kaganapan dahil alam natin na wala tayong magagawa o kontrol sa isang sitwasyon ng hindi ito sinusubukang tugunan. Sa kabilang banda, taliwas ito sa pagsusuri ni Lagmay (1977, binanggit kay Pe-Pua at Protacio-Marcelino, 2000), isa rin sa mga tanyag na Sikolohista sa Pilipinas kagaya ni Enriquez, kung saan iginiit niya na ito ay tumutukoy sa pananatili sa suliranin ng isang tao at ang pagtangkang malutas ito anuman ang mga pamamaraang gagamitin nang mayroong pag-a-ako (pag-aangkin) sa mga resulta ng mga ginawang aksyon; kalakip ng sitwasyong kanilang kinakaharap. Sa madaling salita, lahat ng pamamaraan ay naganap na bago tukuyin ng isang indibidwal ang "bahala na" nang mayroong ganap na responsibilidad. Ang halimbawang ito ay isa sa mga matagumpay na pagtatangka ng mga nasa loob ng Pantayong Pananaw na magbigay ng dekonstruksyon sa mga pagpapahalaga na kailangan ng mas masusing pag-aaral dahil sa pagkasira ng ating identidad dulot ng mga pananakop ng mga banyaga.

Sa pagdadalumat ng indibidwal na Pilipino, binuo ni Covar (2015) ang istruktura ng kaalamang bayan gamit ang pagkatao ng isang tao. Inihalintulad ni Covar ang pagkatao ng bawat indibidwal, sa panloob o "tayo" sa isang banga kung saan ito ay nahahati sa tatlong bahagi: 1.) *Labas* - Ito ay tumutukoy sa panlabas na anyo ng isang tao, partikular ng mga Pilipino. Maaaring maihalintulad ito sa pagsasalarawan natin sa ating mga sarili bilang mayroong saktong tangkad, timbang, kayumangging kutis, at iba pa. 2.) *Loob* - Ito naman ay tumutukoy sa ating mga iniisip, nararamdaman, bituka o *gut*, atay, at iba pang laman-loob ng isang tao na nagsisilbing tayutay sa mga pakiramdam; ito

man ay hedonistiko o atake laban sa ginhawa o *pleasure* ng isang tao, at: 3.) *Lalim* - Ito ay ang kaibuturan ng isang tao na nahahati sa dalawa: kaluluwa at budhi. Ang kaluluwa ang siyang nagbibigay ng pagkilos sa buhay at ang budhi ang siyang pamantayan sa paglilitis sa buhay na natapos, na maaaring ituring na dikotomiya ng kabutihan at kasamaan.

Ngayon, ang *punto de vista* ng Pantayong Pananaw ang nais na maging simula ng papel na ito sa pagdalumat ng paglalapit ng Araling Pilipinas dahil sa mga sumusunod:

1.) Ang mga dekonstruksyon sa mga maka-kanluraning pagsipat sa mga ideya, diwa, asal, at karunungan ay kritikal sa emansipasyon ng sambayanan dahil sa ito ay nagbibigay ng mas makabuluhan o *awtentikong* mga karanasan ng bawat mamamayang Pilipino.

2.) Ang kalinangang bayan (na hindi paurong o natibista) ay matatamasa sa pamamagitan ng mayabong na paggamit ng wika (intelektwalisasyon nito), edukasyong mayroong kamalayan, at kolektibong aksyon tungo rito.

3.) Ito ay pag-uugat mula sa kaibuturan ng kapilipinuhan hanggang sa tunguhin ng lipunang Pilipino sa pambansang kaunlaran at kamalayan.

Ang mga nabanggit na mga kadahilanan ay itinuturing bilang mga sapat na batayan sa kagyat na pagdadalumat sa kahalagahan ng paglalapit ng Araling Pilipino sa danas ng mga mamamayan sa gitna ng pandemyang dulot ng COVID-19 dahil bago tayo tumungo sa pinakamalawak na antas o *macro level,* kinakailangang magsimula muna sa sandigan ng identidad at kaugatan ng kapilipinuhan (*micro level*) bago magkaroon ng pagdalumat ang anupamang proseso lalo pa at ito ay maramihang disiplina o *multidisciplinary* at nakaasa sa isa't isa o *interdependent*. Ang inaasahang resulta nito ay maging ganap at malakas ang partisipasyon ng mga mamamayan na mayroong kolektibong tunguhin bilang bansa sa hamon ng globalisasyon at pandaigdigang pagkamamamayan nang hindi nadudungisan, naaapektuhan, at nasisira ang identidad bilang mga Pilipino (Aguila, 2015).

## Emansipasyon Gamit ang Edukasyon at Wika

Kaugnay ng pagsipat sa mahalaga ang papel na ginagampanan ng edukasyon sa pagpapalakas ng holistikong pagkatao ng isang indibidwal, maging ito man ay nakaugat sa Pantayong Pananaw o Panlabas na Pananaw. Ang isang edukasyon na labas sa neoliberal at *product-oriented* na sistema ang isa sa mga hakbang upang makamit ito. Ang edukasyon ay kinakailangang maging kritikal, mapagmulat, at mapagpalaya (Constantino, 1970; Freire, 2005; Howard et al, 2014; Lane, 2016; Sanga, 2017) kung saan hindi nagiging hadlang ang mga sosyoekonomiko, sosyopolitikal, at iba pang mga tanikala na pumipigil sa pagkakaroon ng emansipasyon ng mga mag-aaral bilang mga ganap na mamamayan. Batay sa *capability approach* ni Sen (1999a; 1999b; 2000, binanggit kay Todaro at Smith, 2015; Lane, 2016), hindi lamang pinansyal na kakapusan at limitasyon ang humaharang sa isang tao upang magkaroon ng ganap at maayos na pamumuhay; narito rin ang emosyonal, sikolohikal, panlipunan, kultural, ekonomiko, at iba pang mga salik na nakakaapekto sa kaganapan o *well-being* ng isang tao (Sen, 1999b; Nussbaum, 2000). Mahalaga ang konseptong ito sa lubos na pag-unawa sa kahalagahan ng edukasyon lalo pa at ngayong ika-21 siglo ay mas pinahahalagahan ang inklusyon, kolaborasyon, komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at pagkamalikhain na mga batayang kakayahan sa pagiging ganap at kapaki-pakinabang na mamamayan; kasabay rin ng pagsusulong sa *Sustainable Development Goals* (SDGs) na siyang isa sa mga naging praksis ng *capability approach* at kritikal na pedagohiya (*critical pedagogy*). Hindi maitatanggi na ang mga ito pa rin ay nananatiling retorika lamang lalo pa at hindi ganap na nararamdaman ito ng lahat ng bansa sa daigdig at patuloy pa ring naiiwan ang mga nasa laylayan na siya dapat nabibigyan ng akses sa mga oportunidad at serbisyo na makatutulong sa kanila upang maging *self-actualized* na mga indibidwal dahil kadalasan, *labor-market-oriented* ang pagturing sa mga karerang nais tahakin ng bawat indibidwal na kung anong programa lamang ang *in-demand* ay siyang pararamihin; nagiging pabrika lamang ng mga piyesa ng makina ang paaralan kung gayon. Nakadagdag din sa suliraning ito ang hamong idinulot ng pandemya na naging dahilan upang lumipat tayo sa *modular* at *online learning*. Pinalala ng pandemyang dulot ng COVID-19 ang suliranin ng mga mag-aaral, mga guro, at mga kalahok sa sistemang pang-edukasyon ang pagkakaroon ng akses sa mga kagamitan, materyales sa paaralan, at maging mismong kaisipan ng kanilang pag-aaral.

Sa puntong ito papasok ang wika. Sa pagdaan ng mga siglo at henerasyon ng pananakop at imperyalismo, hindi maikakaila na malaki ang naging gampanin ng pagdungis sa ating wika na

siyang naging batayan ng sosyoekonomiko at soyopolitikal na estado ng isa o pangkat ng tao sa isang lipunan. Ito ay totoo hindi lamang sa Pilipinas, maging sa mga bansang nakaranas ng mga kaparehong pang-aalipusta at distorsyon sa pambansang pagkakakilanlan. Binigyang-pagpapahalaga nina David (1988/2015) at Lumbera (2015) ang kahalagahan ng wika sa pagpapalawig ng emansipasyon ng isang bansa tungo sa kolektibong aksyon ng mga tao sa pagpapaunlad at paglinang ng kabihasaan sa wika. Ang paggamit ng wika ay maihahambing natin sa anumang mga kakayahan na nililinang ng isang tao; upang maging mahusay, kinakailangan itong pag-igihin, sanayin, at lalo pang tuklasin dahil ang mga ito ay isa sa mga magbubukas sa madla sa pagkakaroon ng tuwiran at makabuluhang pagkilatis sa kanyang identidad (David, 1988/2015) na maibabalik natin sa aking pagtalakay sa Pantayong Pananaw sa unang bahagi.

Samakatuwid, ang wika at ang madla o mga mamamayan na gumagamit nito ay nagbibigay ng awtentikong pagkilatis at paggamit ng wika (Lumbera, 2015). Ngunit, ito ay hindi payak na gawain lamang na maaaring tapusin kinabukasan. Maaari itong abutin ng henerasyon o siglo bago ito tuluyang matamasa dahil sa kontemporaryong lipunang ating ginagalawan, malalim at masalimuot ang pagkakadikit ng kultura, paraan ng pamumuhay, at wika ng banyaga sa atin dahil ang mga ito ay *hegemonic*. Sa yugtong ito, hindi nito sinasabing kinakailangang maging natibista ng sambayanan; ngunit kinakailangan lamang na lubos na maunawaan ng mga mamamayan na malaking bahagi ng representasyon ng bawat indibidwal at bilang mga mamamayang pandaigdigan o *global citizens* upang magkaroon ng mas matibay na sandigan ng kanilang identidad bilang mga Pilipino bago magkaroon ng tunguhin ang lubos na pakikilahok sa layong dulot ng *industrial revolution 4.0, global citizenship,* at *multiculturalism*. Sa madaling salita, magiging matibay ang partisipasyon ng sambayanan kung mas matibay ang pundasyon ng emansipasyon, wika, kapilipinuhan, at maging ang kamalayan ng mga ito sa pagsusulong ng inklusibong pakikilahok at paglalapit. Bagkus, dagdag pa ni David (1988/2015), ang wika ang siyang nagsisilbing malaking bahagi ng kaluluwa ng isang bayan. Kapag ito ay pilit na binura at tinanggal, pilit na ring tinatanggal ang pagkakakilanlan ng isang pamayanan o lipunan. Bukod sa pagkakakilanlan ng pagpapalalim sa kasanayan sa wika, mahalaga ring maunawaan ang politika ng wika dahil ito ay madalas na nagagamit sa paghadlang sa emansipasyon ng sambayanan. Ibinahagi ni Foucault (1978) na ang wika, bilang salik ng diskuro, ay nakalilikha at nakapagsasalin ng kapangyarihan na siyang nagagamit upang manikil at kumontrol ng mga bagay, ideya, kaisipan, at maging mga kaugalian. Mas naging makatotohanan ito sa panahon ng pandemya dahil wika ang naging sentro ng pag-iral ng pagkilos ng sambayanan; simula pa lamang noong simula nito hanggang sa kasalukuyan. Kaya nga lamang, isa pa rin sa hamong kalakip ng paglalapit ay ang maituturing na pribilehiyo sa oras sa bahagi ng masa. May uunahin ng pangkaraniwang mamamayan ang masigurong mayroong pagkain sa hapag ang kanyang pamilya sa pang-araw-araw; tiyaka na lamang pagtutuonan ng Pansin ang ibang mga bagay tulad ng pagdadalumat, paglalagom, pagtatanto, at iba pa. Hindi ito kasalanan ng masa dahil ito ay kondisyong iniatang dulot ng istruktural na inekwalidad at kahirapan. Sa kaso ng Pilipinas, ito ay dulot ng patuloy na pamamayagpag ng mga politikal na dinastiya na nagdudulot ng *underdevelopment*, mababang kalidad ng serbisyo, at mababang pagtamasa ng kamulatan at pagtatagumpay (Tadem at Tadem, 2016; Teehankee, 2018; Tuaño at Cruz, 2019).

## Ang Paglalapit sa Araling Pilipino Bilang Kasangkapan sa Pambansang Kamalayan at Kaunlaran sa Panahon ng Pandemyang Dulot ng COVID-19

Ang masa ang isa sa mga benepisyaryo ng lahat pagtatangka ng mga akademiko, mambabatas, mananaliksik, at mga kawani ng mga pribado at pampublikong sektor na may hangaring mapaunlad ang estado ng pamumuhay ng mga tao sa lipunan (buo o *holistic* ang pagtingin at nakaasa sa isa't isa o *interdependent*) (Kambhampati, 2004; Peet at Hartwick, 2015; Todaro at Smith, 2015; Lasco, 2020; Hapal, 2021). Ngunit, sa kabilang banda, hindi maikakaila na maraming nagtatangka na atakihin ang bulnerableng masa sa pagtatangkang maitaas ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng populismo; partikular na sa kasalukuyan kung saan ang mga kagaya ni Pangulong Duterte, Trump, Maduro, Bolsonaro, at iba pang mga pinuno ay nagkakaroon ng impluwensyang politikal batay sa paglalapit ng kanilang mga sarili sa masa nang walang pagtatangkang itama at maisaayos ang kanilang mga gawi at pamumuhay; laban sa mga antagonistang *elite* na nais lamang kamkamin ang

kanilang mga karapatan (McCargo, 2016; Moffit, 2016; Lasco, 2020).

Bilang halimbawa, ibinahagi ni Lasco (2020) ang mga pangunahing kategorya ng pag-iral ng medikal na populismo (*medical populism*) batay na rin sa pamumuno ng mga nabanggit na pinunong karaniwang kinikilala ng mga akademiko bilang mga populista. Una, mayroong pagsasapayak ng pandemya (*simplification of the pandemic*) kung saan nagiging mababa ang pagtingin ng mga populistang pinuno sa pagkalat COVID-19; tulad na lamang ng pahayag ni Pangulong Duterte na upang matanggal ang mga microbyo sa mga *face mask* ay inabisuhan niya na lagyan ito ng petrolyo bago suotin (BBC Staff, 2020; Reuters Staff, 2020). Ikalawa, nagkakaroon ng pagdadrama sa pagresponde sa krisis (*dramatization of the crisis*) ang mga populistang pinuno. Halimbawa nito ay ang paggamit ni Pangulong Duterte sa mga kapulisan at kasundaluhan upang magpatupad ng mga programa sa paglaban sa COVID-19. Sa madaling salita, isa itong pagtrato sa mga mamamayan bilang mga masunuring mga miyembro ng lipunan. Kinakailangan nila itong gawin upang masiguro na susunod at hindi lalabag ang mga tao sa mga pamantayan ng pandemya (Quintos, 2020; Hapal, 2021). Ikatlo, nagkaroon ng pagkakahati-hati (*forging of divisions*) simula noong pandemya dahil na rin sa paggamit ng mga populista ng wika.

Nagiging suliranin ito sa kasalukuyan dahil kahit na ito [populismo] ay tunog-kaliwa (*left-winged*), ito ay walang pinapanigang espisipikong alyansang politikal, dahil ito ay simpleng dikotomiya lamang ng masa laban sa mga naghaharing-uri. Nagiging problematiko ito sapagkat nagkakaroon ng eksploytasyon ng galit at pagkadismaya ng taongbayan laban sa mga partikular na pangkat ng tao. Isang halimbawa ng problemang dulot ng populismo ay ang pagtugon ng Pilipinas at iba pang mga bansang pinamumunuan ng mga pinunong nabanggit kanina laban sa COVID-19. Sa Pilipinas, noong magsimula ang pagkalat ng COVID-19 sa lokal na populasyon, hindi maikakaila na naging *draconian* at militaristiko ang tugon ng mga ahente ng estado, sa pamumuno ni Pangulong Duterte dahil na rin sa maliit na pagtingin sa sakit na ito bilang simpleng ubo o lagnat lamang; dagdag na rin ang pagtingin na pasaway ang mga tao na hindi sumusunod sa mga *minimum health* at *social distancing protocols* (Lasco, 2020; Quintos, 2020; Hapal, 2021).

Sa madaling salita, ito ay uri ng *therapy* kung pagbabatayan lamang antas ng partisipasyon ng pagkamamamayan (Arnstein, 1969/2007) kung saan hindi tunay ang kalinangang tinatamasa ng mga mamamayan dahil sa pagmamanipula at eksploytasyong nagmumula sa mga pinuno na siya dapat naglilingkod nang mayroong buong katapatan sa sambayanan (Foucault, 1995). Lubos na mahalaga na ang mga akademiko, bukod sa pagdalumat ng iba't-ibang mga ideya at teorya, ay magkaroon ng reyalisasyon sa kanilang mga gampanin upang magmulat at maglapit ng mga gawain at prinsipyo (maging ito man ay magmula sa kanan, gitna, o kaliwa) upang lubos na maunawaan ng madla ang agarang kamalayan at pagkamulat tungo sa emansipasyon; na magreresulta sa kanilang integrasyon bilang mga mamamayang nakikialam, may pakialam, at may kamalayan. Ito rin ay pinahalagahan ni Lumbera (2015) kung saan ang madla ay hindi lamang basta garapon na kahit anumang oras na gustuhin ng mga hegemon at mga naghaharing-uri na lagyan ng laman ay malalagyan nila, kundi mga aktibong nakikinig, nanonood, at nagbabasa batay sa mga dati pa nilang danas na makapag-uugnay sa kasalukuyang engkwentro. Kalakip nito ang danas, kasanayan, at maging mga damdamin ng masa na siyang pumupukaw sa pagkakaunawa nito sa mga puwersang pumapaligid sa kanya. Muli, ang layon pa rin nito ay emansipasyon. Habang mayroong paglalapit na nagaganap, ang mga mamamayan naman, sa kabilang banda, ay napalalakas at nalilinang ang kabuoan ng kanilang identidad. Sa madaling salita, ito ay *synergistic*; kinakailangang dalawang puwersa o *entities* ang kalahok upang maging ganap ang paglalapit na ito. Maging ito man ay sa kasalukuyan at sa pandemyang ating dinaranas, o maging sa *pre-pandemic* o *post-pandemic* na panahon man, mahalaga na tunguhin ito bilang mga akademiko; gamit ang mga teorya at perspektibong ating natuklasan sa dalawahang prosesong ito.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Gamit ang mga lente ng Pantayong Pananaw, konsepto ng banga, at Sikolohiyang Pilipino, ang mga ito ang maaaring maging sandigan o pundasyon upang makapagsimula at mapanatili nang may kaayusan ang emansipasyon ng mga mamamayan gamit ang edukasyon, wika, at kultura na siyang mga lubos na mahahalagang mga salik sa pagkamit ng inklusibong pakikilahok ng masa sa paglalapit at kaunlaran. Ang sakop ng Araling Pilipino ay mahalaga sa lubos na pag-unawa natin bilang mga mamamayan sa mga

kontemporaryong isyung ating kinakaharap na ating inugat magmula pa noong una. Sa identidad natin bilang mga Pilipino pa rin tayo kinakailangang magsimula dahil kung lubos pa nating makikilala ang ating mga sarili, mas lubos tayong makakakilos tungo sa pagpapaunlad ng ating mga sarili upang tayo ay magkaroon ng emansipasyon at integrasyon; ito man ay mula sa personal na *punto-de-vista* patungo sa pambansang kaunlaran.

Kaugnay ng mga nabanggit na pagdadalumat, kagyat na mahalaga ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa mas awtentiko at tunay na paglalapit na Araling Pilipino sa sambayanan:

1. Mahalaga ang paggamit ng bernakular (wika ng masa) sa pagbibigay ng kamulatan at emansipasyon upang mas maging malapit sa mga danas ng mga mamamayan ang pagsasateorya, praktika, at maging mga kasalukuyang diskurso kaugnay sa mga hamon ng COVID-19 (Constantino, 1970; David, 1988/2015).
2. Bukod sa wika, ang pag-iral ng *social media* bilang mga plataporma ay mahalagang kasangkapan sa pagpapayabong ng paglalapit na ito. Ito ay kasabay ng pag-iral at pagkalat ng mga disimpormasyon at mga pekeng balita na madaling makabihag sa kaisipan ng masa sa kadahilanang ito ay umaakma sa wika, kalapit na karanasan, at pandamdam nila.
3. Bukod sa diskurso, mahalagang naitataas ang antas ng kasanayan ng masa sa paraang *synergistic* kung saan ang masa ay mayroong kasanayan at kaisipan na nalalapit sa kanyang karanasan; at ang mga akademiko, pinuno, at ang mga nasa *ivory tower* na kinakailangang maglapit ng mga konsepto, ideya, at maging mga ideolohiya na siyang magtutugma sa danas ng dalawang pangkat; lalo na sa panahon ng pandemya upang mas magkaroon ng awtentikong ugnayan at kalinawan sa mga tungkulin at mga aktong danas ng dalawang kampo sa pakikilahok at pagbuo ng mga programa at polisiyang nalalapit sa kanilang danas (e.g. paraan ng bakunahan, *mass testing*, mga *variant* ng nasabing *virus*, paglaban ng lahat sa sakit, at iba pa). Layon nito na magkaroon ng pagtatagpo at emansipasyon tungo sa mas mulat at malay na pag-iral ng kaisipan at diwang may aktibong tugon at pagkilos sa mapanghamong panahong dulot ng pandemya.
4. Mahalaga rin na magkaroon ng mas malawak na partisipasyon at pakikilahok ang mga mamamayan (*citizen participation*) sa mga usaping panlipunan, pampolitika, ekonomiko, kultural, at iba pang mga aspetong tuwiran at 'di-tuwirang nakaaapekto sa bawat isa. Layunin din nito na makalahok ang mga mamamamayan sa pagbuo ng mga programa, polisiya, at iba pang mga implementasyon sa paglinang ng kaunlaran at progreso.

Samakatuwid, hindi sapat ang payak na pagdadalumat na ito; kinakailangan din ng agaran at kolektibong aksyon kung nais ng mga sector ng lipunan na mapagbuti ang mga kalagayan ng bawat isa bilang mga mamamayang Pilipino (Maggay, 2011) dahil aksyon ang matuturo sa atin, kasabay ng pagdadalumat ng mga ideya, kaganapan, at teorya sa pagsusulong sa transpormatibo at progresibong lipunan. Lagi't-lagi, ang mga mamamayan ang tagapagpaganap at siyang aakto sa resulta ng paglalapit na ito na siyang magiging daan sa pagkakaroon ng kalinangan, kaginhawaan, at kamalayang magpapalaya sa atin mula sa mga tanikalang bumibisig sa atin bilang mga Pilipino.

## Sanggunian

Aguila, A. N. (2015). The Filipino, Diaspora and Continuing Quest for Identity. Social Science Diliman, 11(2), 56–89

Arnstein, S. R. (2007). A Ladder of Citizen Participation. *Journal of the American Institute of Planners*, *35*(4), 216–224. https://doi.org/DOI: 10.1080/01944366908977225

BBC Staff. (2020, July 31). Rodrigo Duterte: "I'm not joking—Clean masks with petrol." *BBC*. https://www.bbc.com/news/world-asia-53605108

Covar, P. R. (2015). Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino. *Daluyan: Journal Ng Wikang Filipino*, (1), 79–91.

Constantino, R. (1970). Dissent and Counter-Consciousness. In *Dissent and Counter-consciousness* (pp. 31–40). Essay, Renato Constantino.

David, R. S. (2015). Ang Wika bilang Instrumento ng Pambansang Pagpapalaya. *Daluyan: Journal Ng Wikang Filipino*, (1), 99–101.

Enriquez, V. G. (2015). Ang Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at

Kasaysayan. *Daluyan: Journal Ng Wikang Filipino*, (1), 35–55.
Foucault, M. (1978). The Deployment of Sexuality. In *History of Sexuality* (Vol. 1, pp. 75–132). Random House, Inc.
Foucault, M., & Sheridan, A. (1995). Panopticism. In *Discipline and Punish the Birth of the Prison* (2nd Vintage Books Edition, Vol. 3.1, Ser. 1995, pp. 195–228). Essay, Random House, Inc., United States of America.
Freire, P., & Ramos, B. M. (2005). *Pedagogy of the Oppressed: 30th Anniversary Edition*. Bloomsbury Academic
Hapal, K. (2021). The Philippines' COVID-19 Response: Securitising the Pandemic and Disciplining the Pasaway. *Journal of Current Southeast Asian Affairs*, 1–21. https://doi.org/10.1177/1868103421994261
Howard, L. W., Tang, T. L.-P., & Jill Austin, M. (2014). Teaching Critical Thinking Skills: Ability, Motivation, Intervention, and the Pygmalion Effect. *Journal of Business Ethics*, *128*(1), 133–147. https://doi.org/10.1007/s10551-014-2084-0
Kambhampati, U. S. (2004). Development and the Developing World. Polity Press
Lane, A. (2016). Emancipation through Open Education: Rhetoric or Reality? *Open Education: International Perspectives in Higher Education*, 31–50. https://doi.org/10.11647/obp.0103.02
Lasco, G. (2020). Medical populism and the COVID-19 pandemic. *Global Public Health*, *15*(10), 1417–1429. https://doi.org/10.1080/17441692.2020.1807581
Maggay, M. P. (2011). *Transforming Society*. Wipf & Stock Publishers.
McCargo, D. (2016). Duterte's Mediated Populism. Contemporary Southeast Asia, 38(2), 185–190. https://doi.org/http://www.jstor.org/stable/24916626
Moffitt, B. (2016). The Global Rise of Populism: Performance, Political style, and Representation. Stanford University Press. ISBN 9780804799331 (electronic)
Nussbaum, M. (2000). *Women and Human Development*. Cambridge University Press.
Peet, R., & Hartwick, E. R. (2015). Theories of Development: Arguments and Contentions (3rd, Ser. 2015). The Guilford Press.
Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. A. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, *3*(1), 49–71. https://doi.org/10.1111/1467-839x.00054
Quintos, P. (2020). The Philippines' COVID-19 Response: Symptoms of Deeper Malaise in the Philippine Health System. *University of the Philippines - National College of Public Administration and Governance*, 1–28. https://www.researchgate.net/publication/342231205_The_Philippines'_COVID-19_Response_Symptoms_of_Deeper_Malaise_in_the_Philippine_Health_System.
Reuters Staff. (2020, July 31). Philippines' Duterte recommends petrol to clean face masks, says "not joking." *Reuters*. https://www.reuters.com/article/us-health-coronavirus-philippines-dutert-idUSKCN24W1W6
Salazar, Z. A. (2015). Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan. *Daluyan: Journal Ng Wikang Filipino*, (1), 55–79.
Santos, M. J. P. (2019). Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019. *TALA: Ang Online Journal of History*, *2*(2), 46–92. http://talakasaysayan.org/portfolio/tala-volume-ii-issue-no-2/.
Sen, A. (1999a). *Commodities and Capabilities*. Oxford University Press.
Sen, A. (1999b). *Development as Freedom*. Alfred A. Knopf. Inc.
Sobritchea, C. I. (2013). Reflections on the Development of Philippine Studies in the Philippines: The U.P. Asian Center Experience. *Asian Studies: Critical Perspectives on Asia*, *38*(1), 99–109.
Tadem, E., & Encarnacion Tadem, T. (2016). Political dynasties in the Philippines: Persistent patterns, perennial problems. *Southeast Asia Research*, 328–340. https://doi.org/10.1177/0967828X16659730
Teehankee, J. (2018). HOUSE OF CLANS: Political Dynasties in the Legislature. In M. Thompson & V. Batalla (Eds.), *Routledge Handbook of the Contemporary Philippines* (pp. 85–96). Routledge.

Todaro, M. P., & Smith, S. C. (2015). Economic Development (12th ed., Ser. 2015). Pearson Addison Wesley.

Tuaño, P. A., & Cruz, J. (2019). Structural Inequality in the Philippines. *Journal of Southeast Asian Economies*, *36*(3), 304–328.